# ANG SIKOLOHIYANG PILIPINO AT ANG PROGRAMANG PAMPOPULASYON[1]

**Rogelia Pe-Pua**
*Departamento ng Sikolohiya*
*Unibersidad ng Pilipinas at*
*Philippine Psychology Research and Training House*

**BUOD**

**Pinagtuunan ng pansin sa papel na ito ang ilang konsepto sa sikolohiyang Pilipino na may kaugnayan sa pagtanggap o di-pagtanggap ng mga tao sa programang pang-*family planning*. Kabilang dito ang: 1) pagiging panloob o panlabas ng programa, 2) konsepto ng kapwa, 3) pakikiramdam, 4) kahalagahan ng anak sa lipunang Pilipino, 5) konsepto ng pagkababae at pagkalalaki, at 6) sikolohiya ng kababaihang Pilipina. Sa bawat isang ito, tinalakay ang mga isyung may implikasyon sa pagkakaroon ng isang matagumpay na programang pang-*family planning* sa Pilipinas.**

Madalas nating marinig mula sa mga nagpapatupad ng *family planning program* ang mga ganitong puna:

"Ang tigas ng ulo ng mga taong ito. Wala na ngang maipakain sa mga anak nila ay ayaw pang mag-*family planning.*"

"Hindi ko maintindihan kung bakit ayaw nilang sumali, eh, libre naman."

Sa kabilang dako, ang bulung-bulungan naman ng mga kababaihang target ng *family planning* ay ganito:

"Mas mabuti pang mahirapan na lang ako sa panganganak kaysa malagay sa panganib ang buhay ko."

"Libre nga ang *pills* at kung anu-ano, eh, hindi ka naman makapaghanapbuhay dahil sa *side effects*."

"Nakakahiyang magsalita dahil malalaman ng buong bayan ang tungkol sa inyong mag-asawa."

Ito ay isang panimulang sulyap sa dalawang magkaibang perspektibo kaugnay ng lawak ng pagtanggap ng mga tao sa programang pang-*family planning*, at tagumpay ng pagpapatanggap ng mga implimentor sa mga tao.

Ang anumang programang para sa tao ay nagsisimula bilang isang plano. Sa oras na ito'y ipatupad, iba-ibang reaksyon ang makukuha mula sa mga tao. Maraming bagay ang nakapalibot

sa pagtanggap o di-pagtanggap ng mga tao dito. Sa papel na ito, hindi ko nilalayong bigyan ng isang komprehensibong ebalwasyon ang programang pampopulasyon ng gobyerno (kabilang ang programang pang-*family planning*) mula sa pananaw ng isang aral sa Sikolohiyang Pilipino. Sa halip, ilalahad ko ang ilang konsepto sa Sikolohiyang Pilipino na may kaugnayan sa pagtanggap o di-pagtanggap ng mga tao sa programang ito.

## ANO ANG SIKOLOHIYANG PILIPINO?

Ang Sikolohiyang Pilipino ay sikolohiyang bunga ng kaisipan, karanasan at oryentasyong Pilipino (Enriquez, 1976). Ito ay tumutukoy sa kamalayan, kaisipan, diwa, ugali, kalooban, damdamin, at marami pang iba. Ang pag-aaral tungkol sa Sikolohiyang Pilipino ay nagsimula sa mga unang taon ng dekada 70 bunga ng pag-aalinlangan ng mga sikolohista hinggil sa maraming teoryang mula sa Kanluran na hindi angkop sa pag-unawa sa sikolohiya ng mga Pilipino. Sa loob ng humigit-kumulang sa 20 taon nang pagpapaunlad sa larangan ng Sikolohiyang Pilipino, maraming mahahalagang konseptong sikolohikal na mula sa pananaw na katutubo ang natuklasan at nalinang, lalo na sa larangan ng Pagkataong Pilipino. Bukod dito, dala-dala pa rin ang oryentasyong Pilipino, nakapaglinang ng mga katutubong pamamaraan ng pananaliksik na isang makabuluhang kontribusyon ng Sikolohiyang Pilipino.

## PROGRAMANG PAMPOPULASYON - PANLOOB O PANLABAS?

Sa Sikolohiyang Pilipino, mayroong pagkakaiba kung ang teorya o konsepto ay mula sa loob ng kulturang Pilipino, o mula sa labas; kung ang kaalaman ay bunga ng katutubong pagkilala, o bunga ng prosesong "angat-patong" (inangat mula sa ibang kultura at ipinatong sa katutubong kultura).

Maaari ring gamitin ang ganitong pagkakaiba sa pagsusuri ng mga programa ng gobyerno. Ang isang programa ba, halimbawa ang programang pampopulasyon, ay nagmula sa mga tao mismo, o mula sa panlabas na mga ahensiya o institusyon (lokal man o internasyonal)? Ginusto ba ito ng mga tao; sila ba ang nakaramdam na merong pangangailangan para dito, o sinabi sa kanilang kailangan nila ito? Ang mga tao ba ang *involved* sa pagbuo nito, o buo na ito noong iniharap sa kanila?

Kung ang isang programa ay tunay na nanggaling sa mga tao at sila ang bumuo (sa tulong ng mga pormal na institusyon katulad ng pamahalaan), makikitang napakataas ng pagtanggap ng mga tao sa programang ito. Samantala, kung ito ay ini-*import*

lamang at hindi naaayon sa kanilang kaugalian, hindi maiiwasan ang pagdududa at pagtutol.

Isang halimbawa ng di-lubos na pagsasaalang-alang ng programang pampopulasyon sa katutubong sikolohiya at kultura ay ang kawalan ng malawakang pananaliksik tungkol sa mga katutubong pamamaraan ng pagkontrol sa pagbubuntis ng mga babae, lalo na sa kanayunan. Ano ang kanilang konsepto ng sekswalidad? Ano ang kanilang kalagayan na magpapatanggap sa kanila sa ideyang kailangang kontrolahin ang panganganak? Anu-ano ang mga paniniwala nila tungkol sa pagkokontrol? Anu-ano ang mga agam-agam nila tungkol sa programa ng gobyerno? Ang buong larangan ng katutubong panggagamot (*traditional medicine*) ay di-gaanong nabibigyan ng pansin. Sa halip, ang pokus ay kung paano mapapatanggap ang mga *ready-made* at "modernong" metodong mula sa kanluran (na itinuturing na marahas sa katawan ng kababaihan). Kung "mula sa loob" ng kultura ang lapit (*approach*) ng programang pampopulasyon, makakatuklas tayo ng mga kaalamang naaayon sa karanasan ng mga tao, at mga metodong pamilyar sa kanila at hindi nila kinatatakutan. At mula dito, bubuuin ang isang programang pang-edukasyong tunay na sagot sa pangangailangan ng mga tao at ayon sa kanilang karanasan.

Maitatanong, bakit nga ba hindi ganito ang nangyayari? Maaaring idahilan na kulang ang pondo para sa ganitong pananaliksik. Ngunit kung susuriin, maraming salapi ang ginugugol sa pagpapa-*improve* sa mga *pills* at iba pang *devices* sa kabila ng katotohanang maraming nayayamot dito o napipilitan lang dahil hindi marami ang opsyon. Ito ay sapagkat ang mga nagpopondo ng pananaliksik tungkol sa mga metodo ng *family planning* ay merong *vested interest* - para higit na ma-*promote* at mabenta ang mga *devices* para sa mga metodong ito. Samakatuwid, nariyan ang *economics*, gayundin ang *politics*.

## ANG KONSEPTO NG KAPWA SA FAMILY PLANNING

Ang konsepto ng kapwa ay isang pangunahing konsepto sa Sikolohiyang Pilipino. Ayon kay Enriquez (1978), hindi pakikisama ang pinapahalagahan ng mga Pilipino kundi pakikipagkapwa. Ang kapwa ay ang ugnayan ng sarili at iba; ang salitang kapwa ay nagpapahiwatig na kasangkot ang identidad ng sarili sa identidad ng kapwa - "*shared identity*".

Sa pagsusuri nina Santiago at Enriquez (1976), ang kapwa ay mailalarawan sa pamamagitan ng antas ng pagtutunguhan ng mga Pilipino, na mahahati sa dalawang kategorya:

A. Kategorya ng Ibang-Tao
   pakikitungo
   pakikisalamuha
   pakikilahok

pakikibagay
pakikisama

B. Kategorya ng Hindi-Ibang-Tao
pakikipagpalagayang-loob
pakikisangkot
pakikiisa

Malaki ang implikasyon ng konsepto ng kapwa sa programang pampopulasyon - sa antas ng pagtutunguhan sa loob ng pamilya, at sa antas ng pagtutunguhan ng mga nagpapatupad ng programa at target na tagapagtanggap nito.

Isang aral na nakuha namin mula sa pagsusuri ng konsepto ng kapwa ay ito: May mga bagay na handa nating ibahagi o pag-usapan sa mga taong itinuturing nating hindi-ibang-tao, na hindi natin ibabahagi o komportableng pag-usapan kasama ng mga taong itinuturing nating ibang-tao.

Sa pangkalahatan, sinasabing ang mga kasamahan sa pamilya ay nasa kategorya ng hindi-ibang-tao. Halimbawa ang pagtutunguhan ng mag-asawa o mag-ina/mag-ama ay nasa antas ng pakikiisa. Ngunit sa katotohanan, makikita sa iba't-ibang relasyon sa loob ng pamilya na iba-iba rin ang kalidad ng relasyon — merong ibang-tao at merong hindi-ibang-tao. Sa katunayan, alam nating ang ilang kabataan ay mas komportable pang magtanong at magtapat sa mga katulong o kaibigan kaysa sa sariling magulang. Samakatuwid, depende sa karanasan ng magkabilang panig ang antas ng pagtutunguhang kinalalagyan nila.

Sa pagtutunguhan ng mag-asawa, inaasahang ito'y nasa pinakamataas na antas — pakiisa — na kung saan malayang napagsasaluhan ang lahat ng damdamin, tungkol man sa mga anak o tungkol sa seks. Ngunit maraming babae ang magsasabing nahihiyang pag-usapan ng mag-asawa ang seks. Samakatuwid, bagamat nasa antas sila ng pakikiisa, pagdating sa paksang seks, nagiging ibang-tao ang asawa. Pagdating sa paksang ito, minsan ay isang kapwa babae o kapwa lalaki ang komportableng kausap. Tungkol sa kung magpa-*family planning* ba o hindi, o tungkol sa iba't-ibang paraan nito, madalas ding tanungin ang isang kapwa babae, lalo na kung nakasubok na siya nito. (Bibigyang muli ng pansin ang ugnayan ng mag-asawa sa seksyon sa sekswalidad.)

Tingnan naman natin ang pagtutunguhan ng mga nagpapatupad ng programang pampopulasyon at ng mga target na tagatanggap nito. Makikita natin dito ang isang namamayaning *power relations*. Nasa isang panig ang mga tauhang may hawak ng impormasyon at ng teknolohiya sa *family planning*. Nasa kabilang panig naman ang mga karaniwang mamamayang salat sa kaalaman tungkol dito, na tuwina'y tinatakot sa kahihinatnan ng pagdami ng anak, at natatakot din sa "masamang" epekto ng paggamit ng itinuturong bagong teknolohiya. Sa

unang panig, naroon ang *investment* sa oras at salapi ngunit walang panganib sa kanilang buhay dahil hindi sila ang gagamit nito. Sa ikalawang panig, naroon din ang *investment* sa oras (pagpapakunsulta, paggamit ng mga *devices* mismo) at salapi (libre lang sa simula, pero sa susunod ay bibilhin mo na o babayaran), kasama pa ang panganib sa sariling buhay. Para sa unang panig, madalas ay hindi nila kaano-ano ang mga "tinuturuan" nila, at ang pagpapatupad ng programang pampopulasyon ay pagtupad lamang sa trabaho o paglilingkod, ngunit hindi paglilingkod-kapwa. Samakatuwid, ang pagturing sa mga tagatanggap ay bilang ibang-tao. Sa kabilang dako, ibang-tao din ang pagturing ng mga tao sa mga nagpapatupad ng programa.

Alam nating sa kulturang Pilipino, pinapahalagahan na ikaw ay itinuturing na kapwa-tao, at mas mabuti kung hindi-ibang-tao nang sa gayon ay mas nagiging natural at tapat ang pagtutunguhan. Ganito ang dapat ipamalaging pagtuturingan ng mga implementor ng programa at ng mga taong inaasahang makikinabang dito. Halimbawa, nirereklamo ng mga *target acceptor* na "*condescending*" ang *attitude* ng mga *motivator* o *health educator*, at madaling mayamot. Marahil, sa pagte-*train* sa mga magpapatupad ng programa, kailangang ipaliwanag ang sikolohiya ng mga tagatanggap, ang kahalagahan ng pagturing na personal sa halip na impersonal, ang konsepto ng paglilingkod-kapwa sa halip na paglilingkod lamang, ang paglawak ng kanilang sariling kaalaman at karanasan bunga ng pakikinig sa kaalaman at karanasan ng mga *target acceptor* nila. Samakatuwid, hindi sapat na alam nila ang ituturo nila, kundi kilala nila ang kanilang tinuturuan, at meron silang "tamang" *attitude*.

## PAKIKIRAMDAM

Ang pakikiramdam ay inilahad bilang isa ring mahalagang konsepto lalo na't kaugnay ng pagtutunguhan at komunikasyon. Ito ay batay sa ipinapakita ng mga Pilipino na pagkahilig sa di-berbal at di-tuwirang pagpapahayag halimbawa, pahiwatig, parinig, pananahimik kung merong natatagong saloobin na di mailabas. Ang pagiging di-tuwiran ay bahagi ng pagpapalaki sa atin na maiuugnay sa pagiging personal, sa halip na impersonal, ng mga Pilipino. Madalas ay di na kailangang magsalita; sapat na ang galaw ng mata o katawan upang magpahatid ng isang mensahe. Totoong madalas sabihin ng mga dayuhan na ang mga Pilipino ay hindi prangka (minsan pa nga ay ipokrito ang ginagamit na salita), ngunit alam nating ang ganitong reaksyon ay bunga ng kaugalian ng isang kulturang nagpapahayag kahit na nakakasakit ng damdamin ng kapwa. Sasabihin ng mga Pilipino sa dayuhang mula sa kanluran, "Prangka kami, kaya lang

ang pagiging prangka namin ay hindi berbal. Ang mahirap sa inyo ay hindi kayo marunong makiramdam". Ang pakikiramdam ay hindi *unique* sa mga Pilipino ngunit ang mga pahiwatig na pinapakiramdaman ay *culture-bound*, bunga ng nakaugalian na at nagpapalipat-lipat sa mga salinlahi sa pamamagitan ng sosyalisasyon.

Mahalaga ang talas ng pakikiramdam sa panig ng mga *service providers* ng *family planning*. Kung hindi man agad-agad na nagsasalita ang kababaihan sa isang talakayan halimbawa, ito ay dahil hindi pa palagay ang loob nila. Kung marunong makiramdam ang *service provider*, ang una niyang gagawin ay mga aktibidad na nakatuon sa pagkakakilalanan ng mga tao, at paglikha ng mga sitwasyon upang maging komportable ang mga tao. Kung merong isang taong kimi, maaari ring meron siyang mga gustong sabihin na nahihiya siyang sabihin sa harap ng ibang tao. Kung gayon, kailangang puntahan siya at kausapin nang mas pribado.

Ang mga bagay na may kinalaman sa pagkababae, pagkalalaki at ugnayan ng mag-asawa ay hindi basta-basta napag-uusapan nang hayagan. Kailangang makaisip ng mga natatanging paraan para mapag-aralan ito.

Sa aming karanasan sa pagsasagawa ng mga pananaliksik sa larangan, nakita namin na gustung-gusto ng mga Pilipinong makipagkuwentuhan. Kung gusto nating malaman ang tunay nilang palagay tungkol sa kung payag sila o hindi sa *family planning*, kunin natin ang mga kaalamang ito habang nakikipagkuwentuhan sa kanila. Sa pamamagitan ng pakikiramdam, matutuklasan ang mga naaangkop na paraan ng pag-alam sa tunay na reaksyon ng mga tao sa programang pampopulasyon.

Sa pakikiramdam, kailangan ang pakikiisa ng karanasan. Masasabing mas epektibong *service provider* ang mga may-asawa dahil alam nila ang karanasan ng pagiging asawa at/o ina, at ang *dilemma* na maaaring nararanasan ng isang babae kaugnay ng pagpapasya sa *family planning*. Kapag dalaga, mahirap lubusang mauunawaan. Bukod dito, naroon ang damdaming nahihiya.

## KAHALAGAHAN NG ANAK SA LIPUNANG PILIPINO

Isang kapansin-pansin kapag tayo'y nagpupunta sa iba't-ibang lugar ay ang karamihan ng bata at babaeng buntis sa paligid. Mahalaga ang anak sa ating lipunan. Sa aklat ni Belen Medina (1991), inilarawan niya ang pagpapahalaga ng mga Pilipino sa anak. Nakatuon sa anak ang pagiging kumpleto ng pamilya. Sa katunayan, kinaaawaan ang mag-asawang walang anak at may mga ritwal tayo para magkaanak ang ganitong mag-asawa. Katakot-takot na sakripisyo ang handang pagdaanan ng mag-asawa

para lamang itaguyod ang kanilang mga anak. Ang anak, at hindi ang sekuridad sa kanilang pagtanda, ang pinag-iipunan ng mga magulang. Kaugnay naman ng dami ng anak, ang isa o dalawa ay itinuturing na kaunti. Kapag maraming anak, malaki at mas masaya ang pamilya. Dahil sila ay grasya o handog mula sa Diyos, itinuturing na higit na nabigyan ng Diyos ang mag-asawang maraming anak (Medina, 1991).

Ang ganitong pagpapahalaga sa anak ay bunga rin naman ng katumbas na pakinabang — emosyonal, sikolohikal, at ekonomiko. Ang anak ay nagdudulot ng kasiyahan, pagmamahal, at pagkalimot sa mga problema. Sila rin ay nagsisilbing inspirasyon sa mga magulang upang maging responsable, magsikap lalo, magpakabuti upang maipagmalaki ng mga anak, at ng kaganapan ng kanilang buhay. Ang mga anak din ang nagiging batayan ng pagpapatuloy ng pagsasamahan ng mag-asawa sa gitna ng masalimuot na problema — isang bagay na itinuturing na mabuti sapagkat hangga't maaari ay iniiwasang maghiwalay ang mag-asawa. Ang pagdami ng anak ay isa ring sekuridad para sa pagpapatuloy ng pamilya, at paglawak ng pagkakamag-anakan na mayroon ding katumbas na paglago ng kapangyarihan ng angkan. Sa ekonomikong aspeto, ang mga anak ay nakakatulong sa ikabubuhay ng pamilya, nakikibahagi sa gastos kapag nagtatrabaho na (bata pa man o sa pagtanda ng anak). Sa gayon, ang mga anak ay kaagapay sa pag-angat sa buhay ng pamilya. Alalaumbaga, katulong sa gawain sa bahay at pag-aalaga sa iba pang bata ang mga anak (Medina, 1991). Maidadagdag na may paniniwala ang mga Pilipino na kapag nagkokontrola ang mag-asawa at ayaw nilang magkaanak, mamalasin sila. Baka kung gusto na nila ay hindi naman sila magkaanak.

Sa harap ng ganitong pagpapahalaga ng mga Pilipino sa anak, maitatanong kung ito ba ay naisaalang-alang ng programang pampopulasyon natin. Hindi sapat para sa maraming Pilipino ang paliwanag na kaya dapat magkontrola ay para lumiit ang populasyon ng bansa sapagkat sa isip-isip nila marahil, ang naglalaro ay ang tanong na "Paano naman kami? Sino ang mag-aalaga sa amin?"

## PAGKABABAE AT PAGKALALAKI

Mahalagang linawin kung ano ba talaga ang sekswal para sa mga Pilipino sapagkat mahalagang aspeto ito ng konsepto ng *family planning*.

Wala tayong sariling salitang taal bilang katumbas ng salitang Ingles na *sexuality*. Mayroon lamang tayong pagsasalin nito - sekswalidad - na hindi rin naman maiintindihan ng karaniwang Pilipino. Samakatuwid, ipinahihiwatig nito na ang konseptong sekswalidad ay isang *imported* o dili

kaya'y hiram na konsepto. Ngunit meron tayong konsepto ng pagkalalaki at pagkababae na hindi masasabing mas mahalaga kaysa sa pagkatao, ngunit mayroong direktang kaugnayan sa pagpaplano ng pamilya - mga konseptong maiintindihan at maipapaliwanag ng karaniwang Pilipino.

Ayon sa pag-aaral ni Santiago (1975) tungkol sa pagkalalaki ng ginawa niya sa Bulacan, lumilitaw na mayroong tatlong klase ng lalaki: *lalaki lamang* (hindi babae), *lalaking-lalaki* (nakakaakit sa maraming babae), at *tunay na lalaki* (marunong magdala ng pamilya). Sa pag-unawa sa konsepto ng pagkalalaki, isang saligan sa kaganapan ng pagkalalaki ang pagkakaroon niya ng (maraming) anak. Ito ang pangkulturang paniniwala natin. Kaugnay din ng "*macho*" image ay ang pagkakaroon ng maraming anak. Diumano, ang ganitong pa-"*macho*" ng kalalakihan ang siyang dahilan kung bakit nakatuon sa kababaihan ang *burden* ng *family planning*. Kung ang mga *pills* kaya ay para sa ikabababa ng *fertility* ng kalalakihan, iinumin kaya nila? Bakit maraming lalaki ang tumatangging magpa-*vasectomy* samantalang payag silang magpa-*ligate* ang kanilang asawa? Ito ay sapagkat iniisip nilang mababawasan ang kanilang pagkalalaki, dahil nakatuon sa sekswal na kapasidad ang konseptong ito para sa maraming Pilipino.

Sa kabilang dako, ang pagkababae ay hindi nakatuon sa *sex appeal* o dami ng anak. Sa pakiwari ko, ito ay nakatuon sa pagiging mahinhin, maalaga sa puri at sa dangal ng pamilya, at sa kakayahang magampanan ang iba't - iba niyang papel sa buhay. Totoong ang kaganapan ng pagiging babae para sa mga Pilipino ay nakatali sa pagkakaroon niya ng anak, ngunit hindi sa pagkakaroon ng maraming anak, di tulad ng pagkalalaki.

Kaugnay ng kalayaan sa sekswalidad, makikita sa lipunang Pilipino ang tinatawag na *double standard*, hindi lamang sa ugnayang ekstramarital, kundi sa premarital man; hindi lamang sa pakikipag-seks kundi maging sa pag-uusap tungkol sa seks. Dito kitang-kita ang taas ng *tolerance* sa lalaki at labis na paghihigpit sa babae. Kapag lalaki ang nangaliwa, itinuturing na natural lamang dahil lalaki siya; samantalang kapag babae ay masama ang tingin ng lipunan. Kapag maagang nagkaroon ng karanasan sa seks ang lalaki, mabuti iyan; pero kapag hindi na *virgin* ang babae, inaakalang nababawasan ang kanyang pagkababae. Sa pagpapasya kaugnay ng pagtatalik o hindi, kaugnay ng pagkakaroon ng anak o pagkokontrol, madalas ay nananaig ang pagpapasya ng lalaki, o kaya'y hinahayaang babae ang magpasya nang sa gayon ay hindi masisi ang lalaki.

Sa harap ng ganitong di-pagkakapantay ng katayuan ng babae at lalaki sa ugnayang pangkasarian,

lalo na sa mag-asawang tinatarget ng mga programang pang-*family planning*, nararapat lamang na pagtuunan ng higit na pansin ang kalalakihan bilang responsableng partner sa program.

## SIKOLOHIYA NG KABABAIHANG PILIPINA

Sa programang pampopulasyon, bagamat malinaw na nakalahad na ang target ay ang mag-asawa, alam natin na ang bigat ng responsibilidad, gayundin ang mga gamit sa *family planning*, ay nakatuon sa babae. Siya ang nakaharap sa sangkatutak na impormasyon tungkol sa *family planning*; siya rin ang gagamit ng mga *devices* (maliban sa *condom*) na nagdudulot ng *discomfort* sa kanya (sa kabila ng pagtanggi ng mga *motivator* na nagsasabing wala o minimal lang ang *side effects*). Samakatuwid, katawan niya ang tampulan. Kapag nagkaproblema, siya ang nahihirapan, hindi ang lalaki. Ngunit, maka-babae ba ang mga programa natin? Tingnan natin ang mga *implementation procedures*.

Alam nating hindi pa natutuklasan ang pinakamahusay na *contraceptive method* na masasabing walang *side effects* at komportableng gamitin. Kahit na napapabulaanan na, palagi pa ring iginigiit ng anumang programang pang-*family planning* na walang *side effects* ang *pills*, IUD, at iba pa. *Actually*, mas mabuti pang ilahad nila nang tapat ang mga napatunayang *side effects* nito nang sa gayon ay mapaghandaan ng mga babae. Ang babaeng Pilipina ay kilala sa pagiging matiisin, kundi man martir. Kung ihahambing sa mga lalaking Pilipino, mas mataas ang kanyang *threshold* para sa sakripisyo. Mas hindi siya bumibigay sa harap ng kahirapan, bagamat mas mababaw ang kanyang luha. Kung alam ng babae ang mga negatibong kahihinatnan ng paggamit ng isang metodo, at alam rin niyang maaaring sa kanya ay hindi lumabas ang epektong iyon, susubukan niya iyan kung nakapagpasya na siya na ayaw niyang mabuntis. Iyon ay kung malinaw din ang mga hakbang na kanyang susundin kung saka-sakaling lumabas ang negatibong *side effects*. Kailangan niya ang kumpletong impormasyon tungkol sa pagkontrol sa *side effects*, at kailangan din niya ang *supportive counseling*. Sa ganitong paraan, masasabi nating maka-babae ang programa.

Ang suporta sa kababaihan ay dapat ding isaalang-alang sa pagtatakda ng oras ng "klinika" ng *family planning*. Kadalasan ang serbisyong ito ay *available* sa araw, sa pagitan ng 8:00 n.u. hanggang 5:00 n.h. Hindi ito naaayon sa *routine* ng kababaihan. Kung hindi man nasa bukid, pabrika o opisina, malamang na siya ay abala sa mga gawaing-bahay. Minsan, merong maling akala na ang babaeng "*housewife*" ay hindi nagtatrabaho kaya puwedeng-puwede

siyang bumisita sa mga *family planning centers*. Mas bagay siguro kung ito ay sa gabi, sa Sabado't Linggo na kung kailan walang pasok o kaya'y may mapag-iiwanan ng mga bata. O kaya'y mas mabuti kung mayroong *daycare support* sa anak para makapag-*concentrate* ang babae sa mga dapat niyang sinusundang programa. Kailangan rin niya ng patuloy na suporta lalo na sa panahon ng paga-*adjust*. Halimbawa, kapag nagsimula na siya sa *pills* at madalas siyang nahihilo, hindi puwedeng pumasok sa trabaho, anong suporta ang ibinibigay ng ating programa? Madalas sabihin ng mga *acceptors* na tumigil, "Kaya ayaw ko na, kasi hindi ako makapagtrabaho dahil madalas akong nahihilo. Eh, paano naman ang kakainin naming mag-anak?" Ito ay isang babaeng naghahanapbuhay.

Kailangan ding isaalang-alang ng programang pampopulasyon na ang babae ay hindi lamang ina kundi babae din na may mga pangangailangang sekswal. Ang isang metodong kontraseptibo ay sana'y magbigay pa rin sa kanya ng kasiyahan sa pagtatalik.

Higit sa lahat, kailangan ng babae na ang kanyang asawa ay maging bukas ang isip, maunawain sa anumang kahirapang mararanasan niya, at handang makibahagi sa kahirapang ito, gayundin sa paggawa ng mahirap na desisyon kaugnay ng *family planning*.

## KONKLUSYON

Bilang pangwakas, nararapat banggitin ang isa pang konsepto sa Sikolohiyang Pilipino na magagamit din sa pagsusuri o pagpapahusay pa ng programang pampopulasyon natin. Ito ay ang konsepto ng dakilang hating kultural (*great cultural divide*) — na may iba't ibang grupo ng Pilipino na magkakaiba hindi dahil sa rehiyong kinabibilangan kundi bunga ng oryentasyon at pananaw sa buhay - kung elitista ba o maka-masa. Sa pagtingin sa ating programang pampopulasyon, mabuting isaalang-alang na kapag ang programang pampopulasyon ay nakatuon sa mahihirap, tiyakin lang natin na ang mga pagpapahalagang gagamitin ay naaayon sa kanilang karanasan at realidad.

## SANGGUNIAN


Enriquez, Virgilio G. 1978. Kapwa: A Core Concept in Filipino Social Psychology. *Philippine Social Science and Humanities Review 42* (1-4). Nalathala rin sa *Sikolohiyang Pilipino: Isyu, Pananaw at Kaalaman*. Inedit nina Allen Aganon at Ma. Assumpta David. 1985, 259-270 Manila: National Bookstore.

Enriquez, Virgilio G. 1976. Sikolohiyang Pilipino: Perspektibo at Direksyon. Nasa *Ulat ng Unang Pambansang Kumperensya sa Sikolohiyang Pilipino*. L.F. Antonio, E.S. Reyes, R.E. Pe at N.R. Almonte (pat.). Pp. 221-243. Lunsod Quezon: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino. Nalathala rin sa *Sikolohiyang Pilipino:*

*Teorya, Metodo at Gamit.* R. Pe-Pua (editor). 1982, 5-21. Lunsod Quezon: PPRTH.
Medina, Belen T.G. 1991. *The Filipino Family: A Text with Selected Readings.* Quezon City: University of the Philippines Press.
Santiago, Carmen E.1975. Pakapa-kapa: Paglilinaw ng Isang Konsepto sa Nayon. Nasa *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo at Gamit.* R. Pe-Pua (editor). 1982, 161-170. Lunsod Quezon: PPRTH.
Santiago, Carmen E. at Virgilio G. Enriquez. 1976. Tungo sa Makapilipinong Pananaliksik. Nasa *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo at Gamit.* R. Pe-Pua (editor). 1982, 155-160. Lunsod Quezon: PPRTH.